| GRADES 1 to 12 DAILY LESSON LOG | Paaralan: | Visit DepEdResources.com for More | Baitang: | 6 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | ARALING PANLIPUNAN |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | OCTOBER 7 - 11, 2024 (WEEK 2) | Markahan at Linggo: | Ikalawang Markahan |

| | MONDAY | TUESDAY | WEDNESDAY | THURSDAY | FRIDAY |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. Objectives** | Naipamamalas ang mapanuring pang-unawa at kaalaman sa bahagi ng Pilipinas sa globalisasyon batay sa lokasyon nito sa mundo gamit ang mga kasanayang pangheograpiya atang ambag ng malayang kaisipan sa pag-usbong ng nasyonalismong Pilipino. | | | | |
| **B. Performance Standard** | Naipamamalas ang pagpapahalaga sa kontribosyon ng Pilipinas sa isyung pandaigdig batay sa lokasyon nito sa mundo. | | | | |
| **C. Learning Competency/ Objectives**<br>Write the LC code for each. | Nasusuri ang uri ng pamahalaan at patakarang ipinatupad sa panahon ng mga Amerikano. | Nasusuri ang uri ng pamahalaan at patakarang ipinatupad sa panahon ng mga Amerikano. | Nasusuri ang uri ng pamahalaan at patakarang ipinatupad sa panahon ng mga Amerikano. | Nasusuri ang uri ng pamahalaan at patakarang ipinatupad sa panahon ng mga Amerikano. | Nasusuri ang uri ng pamahalaan at patakarang ipinatupad sa panahon ng mga Amerikano. |
| **II. CONTENT** | **Ang mga Pagsusumikap ng mga Pilipino Tungo sa Pagtatag ng Nagsasariling Pamahalaan** | **Ang mga Pagsusumikap ng mga Pilipino Tungo sa Pagtatag ng Nagsasariling Pamahalaan** | **Ang mga Pagsusumikap ng mga Pilipino Tungo sa Pagtatag ng Nagsasariling Pamahalaan** | **Ang mga Pagsusumikap ng mga Pilipino Tungo sa Pagtatag ng Nagsasariling Pamahalaan** | **Ang mga Pagsusumikap ng mga Pilipino Tungo sa Pagtatag ng Nagsasariling Pamahalaan** |
| **III. LEARNING RESOURCES** | | | | | |
| **A. Reference s** | | | | | |
| | | | | | |
| **earning Resources** | K to 12 MELC - pp. 43<br>SLM and PIVOT 4A Modules | K to 12 MELC - pp. 43<br>SLM and PIVOT 4A Modules | K to 12 MELC - pp. 43<br>SLM and PIVOT 4A Modules | K to 12 MELC - pp. 43<br>SLM and PIVOT 4A Modules | K to 12 MELC - pp. 43<br>SLM and PIVOT 4A Modules |
| **IV. PROCEDURES** | | | | | |
| **Reviewing previous lesson/s or presenting the new lesson** | Bago natin pagtuunan ng pansin ang bagong aralin natin ngayong araw, tayo muna ay<br>mag balik-aral sa nakalipas na aralin.Kailanagn mo munang sagutin ang mga katanungang | Ano-ano ang mga pagsusumikap ng mga Pilipino tungo sa pagtatag ng Sariling pamahalaan ang ating napagaralan kahapo? | Balikan ang nakaraang aralin. | Ating napag-aralan ang mga pagsusumikap ng mga Pilipino tungo sa pagtatag ng nagsasariling Pamahalaan. | Magtanong tungkol sa nakaraang aralin. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ito:<br>Panuto: Isulat sa sagutang papel ang titik ng tamang sagot.<br>1. Ang mga paaralang parokyal ay pinamahalaan ng mga ______.<br>A. guro C. pari<br>B. kagawa D. sundalo<br>2. Ang binigyang diin sa edukasyong primarya ay ang pagtuturo ng ________.<br>A. bibliya C. matematika<br>B. Doctrina Cristiana D. wika<br>3. Ang sumusunod ang mga kasanayang bokasyonal maliban sa isa. Ito ay ang ________.<br>A. pagpipinta C. pagkukulot<br>B. paglililok D. paggagamot<br>4. Ang mga paaralang normal ay itinatag upang sanayin ang mga lalaki at babae<br>na maging ___________.<br>A. doctor C. nars<br>B. guro D. manananggol<br>5. Ang sumusunod na pangungusap ay nagpapatunay na nagkaroon ng pormal na<br>sistema ngedukasyon sa panahon ng Espanyol maliban sa isa. Alin dito?<br>A. Nagtatag ng mga pribadong pamprimarya at sekondarya.<br>B. Nagtatag ng mga paaralang normal para sa mga babae at lalaki na nais maging guro.<br>C. Nagtayo ng mga sentrong pangkompyuter upang maging makabago ang pagtuturo.<br>D. Nagtatag ng mga pamantasan para sa mataas na antas ng pag-aaral.<br><br>Sa nakaraang aralin, natalakay ang uri ng pamahalaan na pinairal sa bansa. Pamahalaang militar | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ang itinatag ng mga Amerikano sa bansa ngunit napalitan ito ng pamahalaang sibil nang masupil sa paglaban ang mga Pilipino. | | | | |
| **b. Establishing a purpose for the lesson** | Bago natin nakamit ang pamamhala sa ating sariling bansa maraming mga hakbang na ginagawa an gating pamahalaan para sa unti-unting paglilipat sa Pilipino ng kapangyarihang mamahala. | | | Palalimin natin ang ating kaalaman tungkol sa  mga pagsusumikap ng mga Pilipino tungo sa pagtatag ng nagsasariling Pamahalaan. | |
| **c. Presenting examples/instances of the new lesson** | Bago natin nakamit ang pamamhala sa ating sariling bansa maraming mga hakbang na ginagawa an gating pamahalaan para sa unti-unting paglilipat sa Pilipino ng kapangyarihang mamahala. | Pagpapatuloy ng leksyon. | Pagpapatuloy ng leksyon. | Pagpapatuloy ng leksyon. | |
| **d. Discussing new concept** | **1. Paghahanda tungo sa pagsasaril**<br>Hangarin ng mga Americano na sanayin ang mga Pilipino sa pagsasarili.Sa pagsasakatuparan nito, isinagawa ng dahan-dahan ang mga hakbang tulad ng pagpili ng mga Pilipinong may talino at kakayahang humawak ng mga tungkulin sa pamahalaan.<br>**2. Batas ng Pilipinas ng 1902**<br>Ang batas na ito ay itinakda ni Kinatawan Henry Allen Cooper kaya't tinawag ding " Batas Cooper" Pinagtibay noong 1902. Ito ang nagkaloob ng karapatan sa mga Pilipino at nagsisilbing Batas Organiko ng Pilipinas.<br>**3. Asambleya ng Pilipinas**<br>Alinsunod sa mga tadhana ng Batas Cooper. Idinaos ang halalan para sa asembleya noong Hulyo 1907.Ipinagkaloob ng mga mamayan sa Partido Nacionalista ang malaking suporta at pagtitiwala.<br>**4. Lehislatura ng Pilipinas**<br>Noong ika-3 ng Octubre 1916 nagkaroon ng halalan para sa Lehislatura ng Pilipinas. Sa hal;alaqng ito kara mihan sa mga nagwagi ay mula sa Partido Nacionalista. Pormal na binuksa ang pulong ng Lehislatura noon Oktubre 16, 1916. Si Manuel L. Quezon ang nahalal ng pangulo ng Senado at si Sergio Osmena naman ang naging ispiker ng kapulungan ng mnga kinatawan.<br>**5. Patakarang Pilipinasyon**<br>Naging patakaran ng mga Amerikano na maglagay ng mga Pili[pinong may kakayahan sa mga tungkulin sa pamahalaan.Ginawa ito upang masanay at maihanda sa mga Pilipino na mamahala ng sariling pamahalaan.<br>**6. Sanggunian ng Estado**<br>Bagamat wala sa tadhana ng Batas Jones, lumikha si Gobernador Francis Burton Harrison ng Sanggunian ay binubuo ng gobernador sibil, kalihim ng mga kagawaran. | | Mahabang panahon na nakikibaka ang mga Pilipino para maangkin ng lubos ang kalayaan ng bansa. Dahil sa hangaring ito, sinanay muna ng mga Amerukano ang mga Pilipino tulad ng pagpapatupad ng Patakarang Pilipinasyon kung saan nagbibigay kalayaan sa mga Pilipino na mahalal sa local na posisyon hanggang sa nasyonal. Maramiring batas ang naipasa tungo sa pagsasarili ng bansa tulad ng 'Philippine Organic Act of 1902" o kilala bilang Batas Pilipinas ng 1902 o "Cooper Act', "Philippine Autonomy Act of 1916" o Batas Jones at "Philippine Independence Act of 1934 o Batas sa Kalayaan ng Pilipinas.<br>Sa pamamagitan ng Komisyong Taft. Inutos ni Pangulong William Mc Kinley na ipairal sa bansa ang | Mga batas para sa karimlan<br><br>Sa lahat ng naunang misyon para sa kasarimlan, ang OsRox Mission ang nagtagumpay. Naisip ng America na ang kahandaan na ang mga Pilipino para sa pagsasarili. Ipinagtibay ng Hare-Hawes-Cutting Law na nagsasad ng sampung taong transisyon bago igagawad sa Pilipino ang kalayaan. Nasasaad sa batas ang pagtatag ng kumbesyong konstitusyonal upang bumuo ng konstitusyon para sa pamahalaang Commonwealth na nakasaad sa batas.<br>Sa pagbibigay ng awtonomiya sa Commonwealth, isinasaad ng Pangulo ng U.S ang mga karapatan ng America sa bansa lalo na sa mga usaping pananalapi at usaping diplomatiko. Isinasaan din ang | **Mga Misyong Pangkalayaan**<br>Nagpasa ng resolusyon ang Asemblea ng Pilipinas noong Nobyembre 7,1918 para sa pagtatag ng isang Komisyong Pangkalayaan na magpupunyagi para sa pagkamit ng ganap na kasarinlan. Ang pagpapadala ng misyong pangkalayaan sa Estados Unidos ay inirekomenda ng komsiyon.<br>Ang unang misyong pangkalayaan na binuo ng 40 na kasapi ay pinamunuan ni Manuel L. Quezon na umalis patungong Estados Unidos noong Pebrero 23, 1919. Inilahad ng misyon ang kagustuhan ng mga Pilipinong makamit ang kalayaan at ang paniniwalnaag ibibigay ito ng Unites States. Si Pangulong Woodrow Wilson ay sang-ayon sa inihain ng misyong ito ngunit tinutulan naman ito ng Kongresong Amerikano. Dahil kasapi ng Partidong Demokratiko si Pangulong |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **7. Misyong Os-Rox**<br>Ang paghangad ng mga Pilipino na lumaya ay hindi namatay nang isuko ang kanilang laban sa mga Amerikano.<br>**8. Batas Hare-Hawes-Cutting**<br>Noong 1931 nagpadala si Manuel L. Quezon ng isa pang miswyon sa Estados Unidos. Tinatawag itong Misyong OS-ROX dahil pinamunuan ito nina Sergio Osmena at Manuel Roxas.<br>**9. Batas Tydings Mc Duffie**<br>Nang hindi naaprubahan ang Batas Hare-Hawes-Cutting, tumulak si Manuel L.Quezon sa Washington DC.Dahil sa maganda niyang talumpati sa kongreso ng Amerika. Nahikayat niyang bumuo muli ng isang batas para sa kalayaan ng Pilipinas. | patakarang Pilipinasyon kung saan maglalagay ng mga Pilipinong opisyal sa mga munisipyo sa pamamagitan ng pagboboto. Ayon sa datos noong 1903, halos 2.44 porsyento lang ng kabuuang populasyon ng bansa ang nakaboboto dahil sa mga kwalipikasyon. | paglagay ng base militar sa bansa.<br>Ang Tydings-Mcduffie Law<br>Ang Tydings-Mcduffie Law ang resulta ng misyon ni Manuel L. Quezon noon 1933. May pagkakaiba ang Tydings-Mcduffie Law sa Hare-Hawes-Cutting Law. Sa Tydings-Mcduffie Law, hindi sinasang-ayunan ni Quezon ang pagtatag ng mga baseng militar sa bansa. Pinalitan ito ng pagtatag ngm ga baseng pandagat at istasyon panggasolina sa Pilipinas.<br>Ang Tydings-Mcduffie Law ang kilala sa tawag na Philippine Independence Law. Itinakda rito ang panahon ng pagbabago sa loob ng sampung taon. Sa panahong ito itatatag ang Commonwealth ng Pilipinas. Sa Hulyo 4, 1946, pagkalipas ng sampung taon transisyon ay ipahahayag ang kasarimlan ng Pilipinas at ang republika ay pasisinayaan. | Wilson, hindi pinansin ang rekomendasyong ito ng Kongreso na kontrolado ng Partidong Republikano. Pagkatapos ng unang misyon, nagpadala pa ng 12 misyon mula 1919 hanggang 1933.<br><br>**Kumbensyong Konstitusyonal**<br>Noong Hulyo 4, 1934, nagkaroon ng halalan sa pagkadelegado para sa paghahanda ng Saligang-Batas. Ang nahalal na pangulo ng kumbensyon ay si Claro M. Recto. Nagkaroon ng asambleya o kumbensyon para sa pagbabalangkas ng Saligang Batas 1935. Pinagtalunan at pinag-usapan ng ilang buwan ang mga tadhana ng Saligang-Batas ngunit napagtibay pa rin ito noong Pebrero 8, 1935.<br>**Saligang Batas 1935**<br>Ang Saligang Batas na ito ay pinagtibay ng mga Pilipino noong 1935. Ang kagustuhan ng mga Pilipino ay hindi lahat nailagay sa batas na ito sapagkat may mga bagay na nasunod pa rin ang nais ng mga Amerikano. Binuo ang Saligang Batas upang magkaroon ng malasariling pamahalaan na siyang hahalili sa Republika.<br>Ang mga sumusunod ang ilan sa mga mahahalagang itinadhana ng Saligang Batas 1935;<br>1. Ehekutibo, lehislatibo at hudisyal ang tatlong sangay ng pamahalaan |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | na may magkakapantay na kapangyarihan.<br>2. Ang Pangulo ang at ang Pangalawang Pangulo ang halal ng bayan na maglilingkod ng anim na taon.<br>3. Ang kapangyarihang lehislatibo ay nasa Asamblea na<br>manunungkulan ng tatlong taon.<br>4. Sa Hudikatura naman ay nása Kataas-taasang hukuman at iba pang hukuman ang kapangyarihan. |
| **e. Continuation of the discussion of new concept** | Panuto: Isulat ang titik sa iyong sagutang papel ang tamang sagot.<br>1. Bakit naging mahalaga para sa mga Pilipino ang pagkakaroon ng Halalan o Eleksyon para sa<br>mga kinatawan ng Asembleya ng Pilipinas noong 1907?<br>A. Ipinakita sa halalan na nagkakaisa na ang lahat ng Pilipino.<br>B. Ipinakita sa halalan na ang Pilipinas ay isa nang ganap na malayang bansa.<br>C. Ginising ng Halalan ang diwang makabansa ng mga Pilipino laban sa Amerika.<br>D. Pinatunayan sa Halalan ang kakayahan ng mga<br><br>2. Sino ang mga napiling lider sa pagsisimula ng Asembleya ng Pilipinas noong Oktubre 1907?<br>A. Sergio Osmena at Manuel Roxas<br>B. Manuel Quezon at Elpidio Quirino<br>C. Pedro Paterno at Emilio Aguinaldo | Panuto: Isulat sa patlang kung ano ang tinutukoy. Isulat ang tamang sagot sa<br>iyong sagutang papel.<br>____ 1. Ito ay itinatag bilang paghahanda sa pagsasarili.<br>____ 2. Ang nagsilbing mataas sa kapulungan ng Asamblea ng Pilipinas.<br>____ 3. Ang batas na ito'y nagsasaad ng pagkilala sa kalayaan ng Pilipinas kung<br>ito'y mayroon ngmatatag na pamahalaan.<br>___4. Misyong Pangkalayaan kinatawan nina Sergio Osmena at Manuel Roxas.<br>____ 5. Ito ang batas na pinagtibay ni Pangulong Franklin D. Roosevelt na sinusunod sa pagbibigay ng kalayaan. | Panuto: Punan ang patlang ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.Piliin ang iyong mga sagot<br>sa loob ng saknong.<br>1. ________ ang tawag sa pinuno ng bayan.( Kapitan, Pangulo, Mayor )<br>2. Ang ________ ang mataas na kapulungan ng Kongreso. ( Asambleya ng Pilipinas, Komisyon ng Pilipinas , Kongreso ng Pilipinas )<br>3. Ang Korte Suprema ay pinamumunuan ng _________. ( Punong Mahistrado, Senate President<br>Speaker of the House )<br>4. Ang Kongreso ang gumagawa ng Pambansang Batas.Ito ay binubuo ng ________ kapulungan.<br>( isang , dalawang , tatlong )<br>5. ______ ang bilang ng batas na may kinalaman | Itanong:<br><br>1. Ano ang Hare-Hawes-Cutting Law?<br>2. Ano ang pagkakaiba ng Hare-Hawes-Cutting Law sa Tydings-Mcduffie Law?<br>3. Bakit tinawan Philippines Independence Law ang Tydings-Mcduffie Law? | Sagutin ang sumusunod na katanungan.<br>Isulat ang makabuluhang sagot sa sagutang papel.<br>1. Bakit mahalaga ang pagkakaroon ng kalayaan ang mga Pilipino?<br>2. Paano nagsikap ang mga Pilipino upang magkaroon ng malayang pamahalaan?<br>3. Naging matagumpay ba ang pagupunyagi ng mga ipinadalang misyong pangkalayaan sa Amerika? Bakit?<br>4. Ano ang kahalagahan ng Saligang Batas 1935? |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | D. Manuel Quezon at Sergio Osmena<br><br>3. Bakit mahalaga para sa mga Pilipino ang Programang Pilipinasyon ng mga Amerikano?<br>A. Naging malaya na ang Pilipinas mula sa Amerika.<br>B. Nagkaroon ng tatlong sangay ang pamahalaan.<br>C. Kinilala ng mga Amerikano ang mga karapatan ng mga Pilipino.<br>D. Unti-unting inilipat sa mga Pilipino ang pamumuno.<br><br>4. Anong batas ang nagpabitiw sa mga opisyal na Amerikano sa kanilang posisyon sa pamahalaang kolonyal para mapalitan sila ng mga Pilipino?<br>A. Batas Jones C. Batas Tydings-Mc Duffie<br>B. Batas ng Pilipinas D. Civil Retirementy Act ng 1916<br><br>5. Ayon sa Philippine Autonomy Act o Batas Jones ng1916, ano ang naging dalawang sangay ng Lehislatura o Batasan?<br>A. Senado at Kongreso C. Asembleya at Komonwelt<br>B. Ehikutibo at Hudikatura D. Mayorya (majority) at Minorya (minority<br><br>6. Anong Misyong Pangkalayaan ang nakakuha ng Batas Hare-Hawes-Cutting na hindi naman tinanggap ng Senado ng Pilipinas?<br>A. Misyong Taft C. Misyong Quezon<br>B. Misyong OS-ROX D. Misyong Harrison | | sa pagsasarili. ( Isang, Dalawang, Tatlong | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 7. Ayon sa Batas Tydings-McDuffie, kalian idedeklara ang Araw ng Kalayaan ng Pilipinas mula sa Estados Unidos(US)?<br>A. Hulyo 1, 1946 C. Agosto 12, 1946<br>B. Hulyo 4,1946 D. Agosto 24, 1946<br><br>8. Alin ang HINDI kasama saTalaan (Listahan) ng mga karapatan ng mga Pilipino ayon sa Saligang Batas ng 1935?<br>A. Kalayaan sa pagsulat C. Pagpili ng sariling relihiyon<br>B. Paglalathal (publishing) D. Maging Malaya sa mga Amerikano<br><br>9. Paano kinikilala ngayon si Manuel L. Quezon?<br>A. Siya ang unang pangulo ng Komonwelt<br>B. Siya ang pambansang bayani ng bansa.<br>C. Siya ang unang pangulo ng Republika ng Pilipinas.<br>D. Siya ang namuno sa mga Pilipino sa paglaban sa Amerika.<br><br>10. Anong wika ang napili ng Pambansang Komonwelt upang maging wikang Pambansa ng Pilipinas?<br>A.Ingles C. Tagalog<br>B. Cebuano D. Espanyol | | | | |
| **f. Developing Mastery** | Panuto: Iugnay ang Hanay A sa Hanay B. Isulat ang tamang titik sa iyong sagutang papel. | Pagsunud-sunurin ang mga pangyayari. Isulat ang bilang 1 hanggang 5 sa iyong sagutang papel.Bilang 1- pinakaunang pangyayari ay bilang 5- | Panuto: Punan ang patlang ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.Piliin ang iyong mga sagot sa loob ng saknong.<br>1. Layunin nito na makamit ang kalayaan ng | Tukuyin ang mahahalagang pangyayaring may kinalaman sa pagsasarili ng mga Pilipino. Isulat ang sanaysay sa isang papel. | Ibigay ang mga ugaling ipinakita ng mga Pilipino upang magkaroon ng sariling kalayaan at pamahalaan. Pangatwiranan kung bakit ito ang mga |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Hanay A<br><br>__1. Pinuno ng Unang Komisyon.<br>__2. Unang Amerikanong gobernador sibil.<br>__3. Liberal na gobernador sibil.<br>__4. Unang Pangulo ng Senador sibil.<br>__5. Unang Ispiker ng Asembleya ng Pilipinas<br><br>Hanay B<br><br>A. Gregorio Araneta<br>B. Cayetano Arrellano<br>C. F.B Harrison<br>D. Sergio Osmena<br>E. Manuel L. Quezon | pinakahuling pangyayari.<br>___ Nagpadala si Pangulong Mckinley ng Unang Komisyon sa Pilipinas.<br>___ Nagtatag ang mga Amerikano ng Pamahalaang Militar.<br>___ Pinagtibay ng Kongreso ng Amerika ang Batas Coopernoong 1902.<br>___ Itinatag ang pamahalaang Sibil alinsunod sa Susog spooner.<br>___ Naitatag ang Asembleya ng Pilip[inas batay sa tadhana ng Batas Cooper | Pilipinas sa lalong madaling panahon.ito ay ___________ ( Batas Jones , Komonwelt, Lapiang Nasyonalista )<br>2. _______ay isang batas o surian ng Wikang pambansa. ( Komonwelt Act bilang 184 , Saligang batas ng Pilipinas, Philippine Autonomy Act )<br>3. Sina _______ ay may layuning ipagpatuloy ang paghinging kalayaan noong 1922.<br>( Manuel L. Quezon at Manuel Roxas, Sergio Osmeňa at Manuel L. Quezon , Manuel Roxas at Sergio Osmeňa )<br>4. Noong 1931 _________________________<br>ay naghanap ng batas na titiyak sa kalayaan ng Pilipinas . ( Sergio Osmeňa at Manuel Roxas (OSROX) , Manuel L. Quezon,Sergio Osmeňa )<br>5. Noong 1930 si _________ ay muling humingi ng kalayaan. ( Sergio Osmeňa, Manuel L. Quezon, Manuel Roxas) | | ipinamalas nilang katangian. |
| **g. Finding practical application of concepts and skills in daily living** | | | | | |
| **h. Making generalizations and abstractions about the lesson** | Ano ang iyong natutunan sa aralin natin ngayon? | Bakit kaya nagsumikap ang pilipinas na magtatag ng sariling pamahalaan? | Gaano kahalaga ang pagkakaroon ng sariling pamahalaan? | Tandaan<br>Simula noong 1919 ay sunud-sunod na kampanya para sa kalayaan ang isinagawa ng mga Pilipino.<br>Nagtagumpay ang OsRox Mission sa pagpapatibay sa Hare-Hawes-Cutting Law. | Bakit mahalaga malaman natin ang mga pagsusumikap nag gunawa |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | Sa misyon ni Quezon noong 1933, itinakda ang Tydings-Mcduffie Law na nangangako ng kalayaan pagkaraan ng sampung taong transisyon. Itinakda rin ang pagtatag ni “Commonwealth of the Philippines”. | |
| **i. Evaluating learning** | Sagutin sa iyong kwaderno ang mga sumusunod na katanungan. Pag-isipang mabuti ang iyong mga kasagutan.<br><br>1. Batay sa mga misyong pangkalayaan na ipinadala ng Pilipinas sa Estados Unidos, anu-anong katangian o kaugalian na isang lider na mga Pilipino ang kanilang ipinakita doon?<br>2. Ang mga ugaling ipinakita nina Quezon at Osmena ay nakikita pa rin ba sa kas alukuyang pulitika sa bansa?Pangatwiran.<br>3. Magbigay ka ng mga 2-3 epekto ng mga ugaling iyong nabanggit sa naunang tanong sa ating bayan.<br>4. Kung ikaw ay si Quezon gagawin mo rin ba ang ginawa niya? Bakit?<br>5. Anu-ano ang mga dapat mong gawin upang ikaw ay makatulong sa ating bayan? | Panuto: Basahin at unawain ang bawat katanungan sa ibaba. Isulat sa iyong papel ang titik<br>ng tamang sagot.<br>1. Kailan pinasinayaan sa Maynila ang kauna-unahang Lehislatura ng Pilipinas (Batasan) sa ilalim ng Batas Jones?<br>A. Oktubre 1916 B. Oktubre 1902 C. Agosto 1916 D. Agosto 1913<br>2. Sino ang nahirang na Pangulo ng Senado?<br>A. Sergio Osmena B. Manuel Roxas C. Manuel L. Quezon D.Rodrigo Duterte<br>3. Sino ang nahirang ispiker ng Mababang kapulungan?<br>A. Manuel L. Quezon B. Manuel Roxas C. Sergio Osmena Sr. D. Cory Aquino<br>4. Pinagtibay ito ng Kongreso ng Amerika bilang kapalit ng Phili[ppine Bill of 1902. Alin sa mga sumusunod na batas sa ibaba ang tinutukoy sa pangungusap?<br>A. Batas Jones o Philippine Autonomy Act of 1916 | Sagutin ang tanong sa ibaba.Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.<br><br>Naging sapat na baa ng pagpapadala ng mga misyong pangkalayaan upang ipakita sa mga Amerikano ang pagnanais ng mga Pilipino na makamit ang kalayaan? Ano pa kaya ang sana ay ginawa ng mga Pilipino noon nang sa gayon ay napabilis ang pagkamit nila ng kalayaan? | Basahin ang mga tanong. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.<br><br>1. Sino ang namuno sa unang misyon upang mangampanya para sa kasarimlan ng Pilipino?<br>a. Manuel Roxas<br>b. Manuel Quezon<br>c. mga ilustrado<br>d. Sergio Osmeña<br>2. Nagkaroon ng protesta sa rekomendasyon ng Wood-Forbes Mission. Ano ang tinuligsa?<br>a. ang kakayahan ng mga Pilipino para mapagkalooban ng kasarinlan.<br>b. ang pagbibigay ng sampung taong transisyon sa pamamahala ng bansa.<br>c. ang pagbuo ng konstitusyon para sa pamahalaan Commonwealth.<br>d. ang paghingi ng batas na magtatakda ng kalayaan.<br>3. Ano ang kondisyon sa pagbibigay ng | Piliin ang titik ng tamang sagot at isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.<br>1. Batas na nagtatakda ng 10 taong panahon ng transisyon ng malasariling pamahalaan .<br>A. Batas Jones B. Batas Tydings Mc-Duffie<br>C. Batas Pilipinas ng 1902<br>D. Misyong Ox-Rox<br>2. Aling batas ang naging batayan sa pagkakaloob ng kalayaan sa Pilipinas.<br>A. Batas Jones B. Batas Tydings Mc-Duffie<br>C. Batas Pilipinas ng 1902<br>D. Misyong Ox-Rox<br>3. Bakit iba’t ibang batas ang ipinalabas ng Amerika sa Pilipinas bago ipagkaloob ang kasarinlan ng bansa?<br>A. Dahil nais ng Amerika na handa na talaga ang mga Pilipino sa sariling pamamahala<br>B. Dahil hindi nakitaan ng positibong pananaw ang mga Pilipino<br>C. Dahil ang mga unang batas ay hindi akma sa bansa<br>D. Dahil ang mga Pilipino ay hilaw pa sa pamamahala<br>4. Tumulak patungong Estados Unidos ang |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | B. Batas<br>Tydings-McDuffie<br>C. Batas Hare-Hawes-Cutting<br>D. Batas ng Pilipinas<br>5. Kailan naitatag ang unang Asembleya ng Pilipinas?<br>A. Enero 24. 1931 B. Oktubre 16, 1907 C. Hulyo 20, 1913 D. Agosto 5, 1902<br>6. Anu-ano ang mga kinakatawan ng hudikatura ayon sa Batas Jones o ang Philippine Autonomy Act of 1916?<br>A. Mga Batas B. Mga pamahalaan C. Mga Hukuman D. Mga Kapulungan<br>7. Sa bisa ng batas na ito, ang pamamahala sabansa ay unti-unting inilipat ng mga Amerikanosa mga Pilipino.Ano ang batas na ito?<br>A. Batas Tydings McDuffie B. Batas Jones C. Batas Hare-Hawes-Cutting D. Komonwelt<br>8. Ano ang tawag sa Batas ng Pilipinas ng 1902?<br>A. Batas Jones B. Batas Hare-Hawes – Cutting C. Batas Cooper D. Batas Tyding McDuffie<br>9. Sino ang Pangulo ng Komonwelt?<br>A. Sergio Osmena B. Manuel Quezon C. Manuel Roxas D. Claro M. Recto<br>10. Sino ang Pangalawang Pangulo ng Komonwelt? | | awtonomiya sa Commonwealth?<br>a. Ang karapatan ng U.S sa usaping pananalapi at usaping diplomatiko ng bansa.<br>b. Ang pagtatag ng baseng pandagat sa Pilipinas.<br>c. Ang pagtatag ns istasyong panggasolina sa Pilipinas.<br>d. Ang pagtatag ng U.S military base sa bansa.<br>4. Ang Philippine Independence Law ay higit na kilala bilang ____________.<br>a. Hare-Hawes-Cutting Law<br>b. OxRox Mission<br>c. Tydings-Mcduffie Law<br>d. Wood-Forbes Mission<br>5. Ilang taon ang itinakda para sa pamahalaan transisyon?<br>a. dalawangpu<br>b. labindalawa<br>c. lima<br>d. sampu | dalawang mataas na pinuno ng<br>bansa upang dalhin ang usapin ukol sa kasarinlan ng Pilipinas. Ano ang itinawag sa kanilang misyon?<br>A. Misyon Mc Duffie B. Misyong Os-Rox<br>C. Misyong Jones D. Misyong Taft<br>5. Bakit nagtagumpay ang Misyong Os-Rox?<br>A. sapagkat maraming Amerikano ang pumanig sa pagnanais ng Pilipinas sa kalayaan.<br>B. sapagkat naging mahusay ang dalawang pinuno.<br>C. sapagkat ito ay itinakda ng batas<br>D. sapagkat makapangyarihan ang Estados Unidos. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | A. Sergio Osmena B. Mauel Quezon C. Manuel Roxas D. Claro Recto | | | |
| **j. Additional Activities for enrichment or remediation** | | | | | |
| **IV. Remarks** | ___ of Learners who earned 80% above | ___ of Learners who earned 80% above | ___ of Learners who earned 80% above | ___ of Learners who earned 80% above | ___ of Learners who earned 80% above |
| **V. Reflection** | ___ of Learners who require additional activities for remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation | ___ of Learners who require additional activities for remediation |
| **a. No. of learners for application or remediation** | ___Yes ___No<br><br>____ of Learners who caught up the lesson | ___Yes ___No<br><br>____ of Learners who caught up the lesson | ___Yes ___No<br><br>____ of Learners who caught up the lesson | ___Yes ___No<br><br>____ of Learners who caught up the lesson | ___Yes ___No<br><br>____ of Learners who caught up the lesson |
| **b. No. of learners who require additional activities for remediation who scored below 80%** | ___ of Learners who continue to require remediation | ___ of Learners who continue to require remediation | ___ of Learners who continue to require remediation | ___ of Learners who continue to require remediation | ___ of Learners who continue to require remediation |
| **c. Did the remedial lessons work? No. of learners who have caught up with the lesson** | | | | | |
| **d. No. of learners who continue to require remediation** | | | | | |
| **e. Which of my teaching strategies worked well? Why did these work?** | | | | | |
| **f. What difficulties did I encounter which my principal or supervisor** | | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **can help me solve?** | | | | | |
| **g. What innovation or localized materials did I use/discover which I wish to share with other teachers?** | | | | | |
| | | | | | |